

Sep 11-18
Small Group Sessions
Bible Study
Genesis 33: 1-16
Pagtuklas Pag-unawa Pagtugon
KBCF

# Genesis 33: 1-16

Mahalagang Prinsipyo sa Buhay



## PAGTUKLAS



## PAG-UNAWA



## PAGTUGON

# Genesis 33: 1-16

Magandang Balita Biblia

**Nagkita sina Jacob at Esau**

1 Natanaw ni Jacob na dumarating si Esau
kasama ang apatnaraan niyang tauhan.
Kaya't pinasama niya ang mga bata sa kani-
kanilang ina. 2 Nasa unahan ang dalawang
asawang-lingkod at ang kanilang mga anak,
kasunod si Lea at ang kanyang mga anak, at
sa hulihan si Raquel at ang anak nitong si Jose.

# Genesis 33: 1-16

Magandang Balita Biblia

3 Umuna si Jacob sa kanilang lahat at pitong
ulit na yumukod hanggang sa makarating sa
harapan ng kapatid. 4 Siya'y patakbong
sinalubong ni Esau, niyakap nang mahigpit at
hinagkan. Nag-iyakan ang magkapatid.

# Genesis 33: 1-16

Magandang Balita Biblia

5 Nang makita ni Esau ang mga babae at mga bata, itinanong niya kung sino sila.

"Iyan ang mga anak na kaloob sa akin ng Diyos," tugon ni Jacob. 6 Nagsilapit ang mga asawang-lingkod na kasama ang mga bata at yumukod;

# Genesis 33: 1-16

Magandang Balita Biblia

7 sumunod si Lea at ang kasamang mga bata,
at sa katapus-tapusa'y si Jose at si Raquel.
Yumukod silang lahat at nagbigay-galang kay
Esau.

8 “Ano naman ang mga kawan na nasalubong
ko?” tanong ni Esau. “Iyon ay mga pasalubong
ko sa iyo,” sagot niya.

# Genesis 33: 1-16

Magandang Balita Biblia

9 Ngunit sinabi ni Esau, "Sapat na ang kabuhayan ko. Sa iyo na lang iyan."

10 Sinabi ni Jacob, "Hindi! Para sa iyo talaga ang mga iyan; tanggapin mo na kung talagang ako'y pinapatawad mo. Pagkakita ko sa mukha mo at madama ang magandang pagtanggap mo sa akin, para ko na ring nakita ang Diyos!

# Genesis 33: 1-16

Magandang Balita Biblia

11 Kaya, tanggapin mo na ang regalo ko sa iyo.
Naging mabuti sa akin ang Diyos; hindi ako
kinapos sa anumang bagay." At hindi niya tinigilan
si Esau hanggang sa tanggapin nito ang kanyang
kaloob.

12 "Sige, umalis na tayo, at ako na ang mauuna sa
inyo," sabi ni Esau.

# Genesis 33: 1-16

Magandang Balita Biblia

13 Sinabi ni Jacob, “Ang mga bata'y mahina pa.
Inaalaala ko rin ang mga tupa at bakang may
bisiro. Kung tayo'y magmadali para makatipid ng
isang araw, baka naman mamatay ang mga ito.
14 Mabuti pa, mauna ka na at kami'y susunod sa
inyo. Sisikapin ko namang bilis-bilisan ang lakad
hanggang kaya ng mga hayop at bata, at mag-
aabot din tayo sa Seir.”

# Genesis 33: 1-16

Magandang Balita Biblia

15 "Kung gayon, pasasamahan ko kayo sa ilang tauhan ko," sabi ni Esau.

"Hindi na kailangan. Labis-labis na ang iyong kagandahang-loob sa akin," sabi naman ni Jacob. 16 Nang araw na iyon ay umuna na si Esau papuntang Seir.

# Mahalagang Prinsipyo sa Buhay

*“Mamahalin at susundin ko ang Diyos sa pamamagitan ng pakikipagkasundo sa mga taong aking nasaktan.”*



# Question 1

Ano ang ginawa ni Jacob nang matanaw niya na dumarating ang kanyang kapatid na si Esau kasama ang apatnaraan niyang tauhan? (vv. 1-3)

PAGTUKLAS

Genesis 33: 1–16

# Question 2

Ano ang naging reaksyon ni Esau sa ginawang iyon ni Jacob? (v. 4-10)

**PAGTUKLAS**

Genesis 33: 1–16

# Question 3

Bakit hinandugan ni Jacob si Esau ng mga kawan? (vv. 8, 10)

PAGTUKLAS

Genesis 33: 1–16

# Question 4

Ano ang naging tugon ni Esau tungkol sa mga handog sa kanya ni Jacob ? (vv. 9, 11)

**PAGTUKLAS**

Genesis 33: 1–16

# Question 1

Ano ang kahalagahan ng pagkikitang iyon nina Jacob at Esau? Ano ang kwento sa likod nito?

## PAG-UNAWA

Genesis 33: 1–16

# Question 2

Anong mga kagapanapan sa buhay ni Jacob ang naghanda sa kanya sa pagkikita nilang muli ng kanyang kapatid?

UNDERSTANDING · UNDERSTANDING ·

## PAG-UNAWA

Genesis 33: 1–16

# Question 3

Bakit kaya naging positibo at mainit ang pagtanggap ni Esau kay Jacob at hindi pagalit, sa kabila ng malaking kasalanan na nagawa nito sa kanya?

## PAG-UNAWA

Genesis 33: 1–16

# PAGTUGON

Ang ating pagmamahal sa Diyos at sa ating kapwa ang tatak ng pamumuhay ng may kabanalan.

# Question 1

APPLICATION · APPLICATION ·

Ang pagmamahal sa Diyos ay nangangahulugan ng pagsuko ng lahat sa ating buhay upang ang Kanyang kalooban ang manaig.  Gaya ni Jacob, mayroon ka bang dapat pang isuko sa Panginoon upang ang maging magkasundo ang iyong kalooban sa Kanyang kalooban para sa iyong buhay?

PAGTUGON

Genesis 33: 1–16

# Question 2

Ang pakikipagkasundo sa mga taong ating nasaktan ay nagpapakita ng ating pagmamahal sa kanila. Gaya ni Jacob, mayroon ka bang taong nasaktan o ginawan ng kasalanan? Manalangin ka ng biyaya mula sa Diyos upang makahingi ka ng tawad sa taong iyon at makipagsundo sa kanila.

**PAGTUGON**

Genesis 33: 1–16

# Question 3

Pinatawad ni Esau ang kanyang kapatid na si Jacob, na nagnakaw ng kanyang karapatan bilang panganay na anak na lalaki. Mayroon ka bang dapat patawarin? Manalangin ka at humingi sa Diyos ng tulong upang magawa mo ito, at makipagkasundo sa taong iyon.

APPLICATION · APPLICATION ·

PAGTUGON

Genesis 33: 1–16

# Genesis 33: 1-16

Mahalagang Prinsipyo sa Buhay

**Discovery**
Questions

**Understanding**
Questions

**Application**
Questions


# Mahalagang Prinsipyo sa Buhay

*"Mamahalin at susundin ko ang Diyos sa pamamagitan ng pakikipagkasundo sa mga taong aking nasaktan."*



Small Group Session

# Closing Prayer


Bible
Study
Genesis 33: 1-16
Pagtuklas Pag-unawa Pagtugon
See You Next Week!
KBCF

# KBCF

#4 11th Jamboree Street, Sacred Heart, Quezon City, Philippines

Worship Service Schedule: 9am

Livestream: Facebook and YouTube

kbcf.org.ph KBCFofficial KBCFamily kbcf.office@gmail.com 0917-886-6650 8927-7420 | 8928-6584